



JOHN SAMPLE
1234 SAMPLE STREET
ADDRESS 2
ANYTOWN CA 90000

XX/XX/XXXX

Panghuling Abiso: Mahalagang Paalala sa Iyong Medicare at Medi-Cal

Natatanggap mo ang liham na ito dahil mayroon kang **KAPWANG** Medicare at Medi-Cal. Nagbabago ang paraan kung paano mo makukuha ang pag-aalaga sa kalusugan mo. Ito ang ikatlo at panghuling liham na nagsasabi sa iyo tungkol sa mga pagbabagong ito. Mangyaring maingat na basahin ang abisong ito.

Maliban kung pumili ka ng ibang opsyon, ang sakop mo sa [Health Plan Name]

ay ipatutupad sa MM/DD/YYYY. Pinili namin ang planong ito para sa iyo batay sa mga nakaraan mong serbisyo at mga pangangailangan sa pag-aalaga ng kalusugan, ngunit may karapatan ka pa ring manatili sa isang regular na Medicare o pumili ng ibang planong pangkalusugang Medi-Cal.

Paano ako maaapektuhan ng pagbabagong ito?

Ang pag-enroll sa isang planong Cal MediConnect ay:

- Magpapanatili sa iyong mga benepisyo ng Medicare o Medi-Cal nang walang ekstrang gastos.
- Pagsasamahin ang Medicare at Medi-Cal na mga benepisyo sa iisang plano.
- Titiyak na lahat ng iyong mga doktor, espesyalista at mga ibang tagapagbigay ay magtutulongan upang maibigay sa iyo ang pangangailangan mo.
- Magbibigay sa iyo ng karagdagang mga benepsiyo sa transportasyon at pagtingin.

Paano makakatulong sa akin ang isang planong Cal MediConnect?

Nagaganap ang pagbabago upang mas mahusay na gumana nang magkasama ang mga benepisyo ng Medicare at Medi-Cal at mas mahusay gumagana ito para sa iyo.

Ang iyong mga doktor, parmasyotiko, mga tagapag-alaga sa Long Term Services and Supports, at ibang mga tagapaglaan ay magkasamang magtatrabaho para alagaan ka. Ang planong Cal MediConnect ay tutulong sa kanilang ikoordina ang mga serbisyong kailangan mo. Tinatawag itong “koordinasyon ng pag-aalaga.”

Ano ang mga pagpipilian ko sa plano?

May ilan kang pagpipilian. Maaari kang makipag-ugnayan sa Health Care Options sa 1-844-580-7272 para pumiling:

- **Manatili sa planong Cal MediConnect na napili namin para sa iyo.** Kung magpasya kang ang planong ito ay tama para sa iyo, wala kang kailangang gawin.
- **Pumili ng ibang planong Cal MediConnect sa iyong county.** Maaari mong repasuhin ang mga available na plano sa county mo upang makita kung ang isa sa mga iyon ay mas mahusay para sa iyo.
- **Piliin ang Program of All-Inclusive Care for the Elderly (PACE).** Maaaring nararapat kang sumali sa planong PACE.
- **Panatiliin ang iyong Medicare kung paano ito ngayon.** Kahit na piliin mong manatili sa isang regular na Medicare, aatasan ka pa ring pumili ng isang planong pinamamahalaang pag-aalaga ng Medi-Cal para matanggap ang iyong mga serbisyong Medi-Cal.

Makipag-ugnayan sa Health Care Options bago ang MM/DD/YYYY para pumili.

Para sa tulong o karagdagang impormasyon

Kung nais mong makipag-usap sa isang tagapagpayo sa insurance na pangkalusugan tungkol sa mga pagbabagong ito na mapagpipilian mo, tumawag sa **California Health Insurance Counseling & Advocacy Program (HICAP) sa 1-800-434-0222.**

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa Medicare, mangyaring tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227), 24 oras bawat araw, 7 araw bawat linggo. Ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1-877-486-2048.

Kung gusto mong pumili ng ibang Cal MediConnect na plano, manatili sa regular na Medicare, o makuha ang liham na ito sa ibang wika o kahaliling format – katulad ng malaking print, audio, o Braille, mangyaring tumawag sa Health Care Options Lunes-Biyernes 8am-5pm sa 1-844-580-7272 o TTY sa: 1-800-430-7077.

Kung kailangan mo ng karagdagang tulong, tumawag sa **Cal MediConnect Ombudsman** sa 1-855-501-3077. Ang numerong ito ay gagana mula sa 4/1/2014.